



Welcome sa Aetna Better Health of California!

Salamat sa pagpili sa amin upang samahan ka sa iyong paglalakbay patungo sa mas mabuting kalusugan. Alam naming ang kalusugan ay higit pa sa magandang pakiramdam. Nasasabik kaming mag-alok ng suportang kailangan mo para pangalagaan ang kabuuan ng iyong pagkatao—katawan, isipan at kaluluwa. Narito ang aming nagmamalasakit na Member Services para sa iyo 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaari kang tumawag sa amin nang walang bayad sa **1-855-772-9076 (TTY: 711)**.



Portal ng miyembro

Magrehistro para sa aming ligtas na web portal para sa miyembro. Doon, maaari mong baguhin ang iyong PCP, humingi ng ID card, i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at marami pa. Maaari mong ma-access ang portal sa aming website, na, **AetnaBetterHealth.com/California**.



Mga serbisyo para sa pagsasalin-wika at interpretasyon

Makukuha ang lahat ng impormasyon ng miyembro sa iba pang wika at mga alternatibong format na kinabibilangan ng malalaking print, audio CD, data CD, Braille o maaari naming basahin sa iyo ang mga materyales sa telepono. Makakakuha rin ng mga interpreter nang personal at sa telepono kapag hiniling. Kung kailangan mo ng personal na pagsasalin-wika, tawagan ang Member Services nang hindi bababa sa 3 araw bago ang iyong appointment. O, kung hindi ka masyadong nakakarinig o nakakapagsalita, mangyaring tumawag sa **TTY 711**.

Loob

Nasa iyo ang desisyon	2
Ang iyong member ID card sa	2
Pumili ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga	2
Katunayan ng Coverage/mga benepisyo	3
Transportasyon	3
Mobile app	3
Mga programang gantimpala para sa miyembro	4
Pamamahala sa kaso	5
Programang Pangkalusugan ng Pyx	6
Mahalaga ang iyong opinyon	6
Sumali at ibahagi ang iyong opinyon	7
Manifest MedEx	7



Nasa iyo ang desisyon

Ipaalam sa amin ang pinakamahasay na paraan upang makipag-ugnayan sa iyo at panatilihin kasalukuyan ang iyong impormasyon sa kung paano ka makokontak. Sa ganoong paraan maaari kang makatanggap ng impormasyon tungkol sa iyong saklaw sa kalusugan ng Medi-Cal at kung paano manatiling nakatala. Mas gusto mo ba sa telepono? Email? Koreo? Pagte-text? O hindi?

Upang makapagsimula:

- Bisitahin ang [Aet.na/ca-preference](https://aetna.com/ca-preference)
 - Tumawag sa mga Serbisyo sa Miyembro sa **1-855-772-9076** (TTY: 711)
 - I-text ang "JOIN" sa **85886**
 - I-scan ang QR code sa iyong telepono
- <https://ca.aetnabetterhealth.com>



Ang iyong member ID card

Ang bawat karapat-dapat na miyembro ng iyong pamilya ay makatatanggap ng kani-kanilang sariling ID card ng miyembro. Ipinadadala ang mga ito nang hiwalay mula sa packet na ito. Dalhin mo ang iyong ID card. Gamitin mo ito tuwing pupunta ka sa provider o ospital. Panatilihin itong ligtas. Huwag kailanman hayaan ang sinuman na gamitin ang iyong ID card. Kung may anumang mali sa ID card o naiwala mo ito, tumawag sa Member Services at padadalhan ka namin ng bago.



Pumili ng iyong provider ng pangunahing pangangalaga

Makikita mo ang iyong PCP sa iyong ID card ng miyembro. Ito ang iyong pangunahing doktor. Kung gusto mong pumili ng bagong PCP, pumili ng isa mula sa aming tool sa paghanap ng provider na nasa aming website sa [AetnaBetterHealth.com/California](https://aetnabetterhealth.com/california) o tumawag sa Member Services para tulungan kang pumili ng bagong PCP o humiling ng kopya ng direktoryo ng provider na ipadadala sa iyo sa koreo.

Mahalagang itakda kaagad ang iyong unang appointment sa iyong PCP para simulan ang pangangalaga sa iyo. Kakailanganin mong tapusin ang isang panimulang pagsusuri ng kalusugan (IHA) Ang layunin ng IHA ay upang tulungan ang iyong PCP na malaman ang history ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Maaari siyang makipagtulungan sa iyo para maibigay ang pangangalagang kailangan mo. Pananatilihin ka niyang maging napapanahon sa mga pagbabakuna at inireresetang gamot. Isasangguni ka niya sa mga espesyalista kung kinakailangan.

Kung, **maysakit o nasaktan ka**, tumawag sa iyong PCP o sa aming 24 na Oras na Linya ng Nars na matatawagan sa **1-855-772-9076** (opsyon 4). Kung kailangan mo ng **madaliang pangangalaga**, tumawag sa Member Services para sa isang listahan ng mga lokasyon ng agarang pangangalaga na nasa network. Sa isang **emergency**, pumunta sa pinakamalapit na ospital o tumawag sa **911**.



Katunayan ng Coverage/mga benepisyo

Ang iyong Katunayan ng Coverage (handbook ng miyembro) ay mayroon ng iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan, mga karapatan at responsibilidad, at kung paano ka makakakuha ng pangangalaga at mga serbisyo. Ang isang digital at mahahanap na bersyon ng handbook ay matatagpuan sa aming website sa [AetnaBetterHealth.com/California](https://www.aetna.com/better-health/california) pati na rin sa pamamagitan ng portal ng miyembro o aming mobile app, ang Aetna Better Health. Maaari ka ring tumawag sa Member Services at hilinging magpadala sa iyo sa koreo ng aktwal na kopya.

Mga benepisyo sa parmasya – Ang iyong mga inireresetang gamot ay sasakupin ng Medi-Cal Rx. Maaari mong suriin ang Contract Drug List (CDL) online Sa <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/cdl/>. Ito ang listahan ng mga gamot na sasakupin ng Medi-Cal Rx.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng parmasya, bisitahin ang <https://medi-calrx.dhcs.ca.gov/home/find-a-pharmacy>. Makakahanap ka ng mga parmasya na malapit sa iyo sa pamamagitan ng paglalagay ng iyong zip code o lungsod. Maaari ka ring mag-click sa button na "filter" upang mahanap ang mga parmasya na may mga partikular na serbisyo, tulad ng mail order o paghahatid. Para sa mga serbisyo sa pag-order sa koreo, maaaring gusto mong tawagan ang parmasya upang tingnan kung ibinibigay ang serbisyo. Maaaring hindi ipakita ng website ang lahat ng parmasya na nag-aalok ng mga serbisyo sa pag-order sa koreo.

Kung mayroon kang anumang katanungan sa iyong mga benepisyo sa parmasya, maaari kang tumawag sa Customer Service Center sa **1-800-977-2273**, na magagamit 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang lingo o sa **711** para sa TTY, Lunes hanggang Biyernes, 8 AM hanggang 5 PM.

Mga benepisyo para sa mata – Sinasakop ng Vision Service Plan (VSP), ang iyong mga benepisyo para sa mata. Tumawag sa **1-800-877-7195** o bisitahin ang kanilang website, [VSP.com](https://www.vsp.com).

Mga benepisyo para sa ngipin – Sinasakop ng Denti-Cal ang iyong mga benepisyo para sa ngipin. Maaari silang makontak sa **1-800-322-6384** o bisitahin ang kanilang website, [Denti-Cal.ca.gov](https://www.denti-cal.ca.gov).



Transportasyon

Sakop ka para sa walang bayad na transportasyon kapag nagbibiyaha papunta at mula sa isang medikal na appointment o sa isang serbisyo ng Medi-Cal na awtorisado ng iyong provider. Maaari kang gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko o pribadong paraan upang makarating sa iyong appointment para sa mga serbisyong sakop ng Medi-Cal. Nagbibigay kami ng pagsasauli ng nagastos para sa itinakbong milya kapag ang iyong sasakyan ay isang pribadong sasakyan. Para humiling ng mga serbisyo ng transportasyon, tawagan kami sa **1-855-772-9076 (TTY: 711)** nang hindi bababa sa 3 araw bago ang iyong appointment. Nag-aalok din kami ng hanggang 5 pagsakay kada buwan papunta sa parmasya, tindahan ng pagkain, tanggapan ng WIC, o para mag-apply ng mga food stamp.



Mobile app – Aetna Better Health

Maaari kang maghanap ng provider, tingnan ang iyong handbook, tingnan ang mga claim, tingnan o mag-order ng bagong ID card at tingnan ang mga kasalukuyan mong gamot sa iyong smartphone. Ang aming app na Aetna Better Health ay mada-download nang libre sa app store sa iyong smart device. Kailangan mong magrehistro para sa portal ng miyembro sa aming website bago mag-log in sa mobile app. Tumawag sa Member Services kung kailangan mo ng tulong.





Mga programang gantimpala para sa miyembro

Sa programang gantimpala ng Aetna Better Care, ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng mga gift card reward kapag natapos nila ang mga aktibidad sa kalusugan at kagalingan. Para sa aming mga miyembrong buntis, mayroon kaming Maternity Matters program kung saan maaari kang makakuha ng gift card rewards sa pagkompleto ng mahahalagang pagpapatingin para sa pagbubuntis: Maaari mong gamitin ang iyong gift card rewards sa mga kalahok na retailer tulad ng CVS, Walmart, Walmart.com, Albertsons, Kroger, at Safeway.

Mga Kwalipikadong Miyembro	Reward	Aktibidad para sa Kagalingan ng Katawan
Kalusugan ng kababaihan	\$25	Taunang pagsusuri ng kanser sa suso (edad 50-74)
	\$25	Taunang pagsusuri ng kanser sa cervix (edad 21-64)
	\$25	Taunang pagsusuri para sa chlamydia (edad 16-24)
Mga bata at kabataan hanggang sa edad na 21	\$25	Mga pagbabakuna sa kabataan (kompleto pagsapit ng 13 taong gulang)
	\$25	Pag-screen ng lead sa mga bata (kompleto pagsapit ng 2 taong gulang)
	\$25	Pagpapatingin ng bata at kabataang walang sakit
	\$50	Mga pagbabakuna sa panahon ng pagkabata (kompleto pagsapit ng 2 taong gulang)
Mga miyembrong buntis	\$50	Pagkompleto ng paunawa para sa pagbubuntis
	\$25	Unang pagpapatingin bago manganak (kompleto sa pagtatapos ng unang tatlong buwan)
	\$10	Bawat karagdagang pagpapatingin (pinakamarami ang 12 pagpapatingin)
	\$25	Pagpapatingin matapos magsilang (kompleto ang 84 na araw pagkatapos manganak)



Pamamahala sa kaso

Ang pamamahala sa kaso ay magagamit upang matulungan ang

mga miyembro na maunawaan at makontrol ang mga kondisyon ng kanilang kalusugan. Makatatagawag ka sa **1-855-772-9076 (TTY: 711)** at hilinging makipag-usap sa isang tagapamahala ng kaso tungkol sa pagsali sa programang ito. Maaaring irekomenda ka ng iyong doktor para sa programang ito. Ang mga tagapamahala ng kaso ay mga nars o lisensyadong social worker.

Matutulungan ka rin nila na:

- Matuto nang higit pa tungkol sa pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan
- Tukuyin ang iyong natatanging mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at tiyaking natutugunan ang lahat ng iyong pangangailangan
- Maghanap ng provider para sa iyo o sa iyong anak
- Makipag-usap nang mas mahusay sa iyong provider, pamilya at mga medikal na espesyalista
- Kumuha ng mga espesyal na kagamitan at mga home health aide na kailangan mo

Ang ilang bata ay may mas higit na mga pangangailangang medikal, kalusugan ng pag-uugali o pang-edukasyon kaysa sa iba pang bata na kaedad nila. Makatutulong din sa mga bata na nangangailangan ng karagdang pangangalaga ang isang programa sa pamamahala ng kaso.

- Matuto nang higit pa tungkol sa pangkalahatang pangangalagang pangkalusugan
- Tukuyin ang iyong natatanging mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan at tiyaking natutugunan ang lahat ng iyong pangangailangan
- Maghanap ng provider para sa iyo o sa iyong anak

Nag-aalok din ang pamamahala ng pangangalaga ng mga programang ito:

Pampakalma na Pangangalaga para sa Nasa Hustong Gulang at mga Bata (Adult & Pediatric Palliative Care) – isang paraan para mapabuti ang kalidad ng buhay ng isang taong may malubhang karamdaman.

Opioid Management Program – makatutulong sa iyo na mas mahusay na pamahalaan ang mga opioid o ihinto ang paggamit ng mga ito.

Programang Pamamahala ng Talamak na Sakit (Chronic Disease Management Program) – nagbibigay ng edukasyon, mga mapagkukunan, at koordinasyon ng pangangalaga upang

mabawasan o alisin ang mga pagkakaiba sa pangangalaga para sa mga miyembrong na-diagnose na may mga partikular na kondisyon.

Programa para Makaiwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program) – maaaring makatulong sa iyo na itaguyod ang malulusog na gawi, magbawas ng timbang at pababain ang iyong panganib ng type 2 diabetes.

Programa para sa Kalusugan ng mga Ina (Maternal Health Program) – idinisenyo upang mapabuti ang kalusugan ng kababaihan sa panahon ng kanilang pagbubuntis at mabawasan ang panganib ng panganganak nang kulang sa buwan at pagsilang ng sanggol na may mababang timbang, at mabagal na paglaki at/o pag-unlad ng sanggol.

Neonatal Abstinence Syndrome (NAS) Program – nag-aalok ng pangangalaga sa mga ina at sanggol na nangangailangan nito kapag gumamit ang isang ina ng ilang partikular na medisina o gamot sa panahon ng pagbubuntis. Ang NAS ay isang palatandaan ng pag-alis ng gamot sa mga bagong silang na sanggol.

Paglipat ng Pangangalaga (Programang upang Maiwasan ang Muling Pagpasok sa Ospital) – ginagamit upang magbigay ng madalas at nakatutok na pamamahala ng kaso para sa mga miyembrong natukoy na nasa mataas na panganib para sa muling pagpasok sa ospital bilang inpatient.

Mga Suporta sa Komunidad – mga serbisyo o setting na maaaring ialok bilang kapalit ng mga serbisyo o setting na sakop ng California Medicaid State Plan at na medikal na naaangkop, matipid na alternatibo sa isang saklaw na serbisyo ng plano ng estado.

Enhanced Care Management (ECM) – para sa mga miyembrong nakararanas ng kawalan ng tirahan na may mga komplikadong pangangailangan sa kalusugan at/o kalusugan ng pag-uugali, madalas na pagbisita sa ospital, at nangangailangan ng panandaliang tulong sa pamumuhay.





Mahalaga ang iyong opinyon

Maaari kang mapili upang tapusin ang isang survey sa kasiyahan ng miyembro. Magtatanong ito sa iyo upang sabihin sa amin ang iyong karanasan sa mga serbisyo at programang pangangalagang pangkalusugan na ipinagkaloob ng Aetna Better Health. Napakahalaga sa amin ang iyong feedback. Patuloy kaming naghahanap ng mga paraan kung saan mas mapaglilingkuran ka namin.

Gumagamit kami ng tatlong survey upang mangolekta ng mahalagang feedback ng miyembro:

- Ang Consumer Assessment of Healthcare Providers and System (CAHPS)
- Ang Behavioral Health Survey
- Ang Care Management Survey



Kumusta kaibigan ...

PYX Health

Pinagsasama ng Pyx Health ang mga mahabaging tao at isang interactive na mobile app - magkasama nilang sinusubukang tumulong na pawiin ang kalungkutan at ang mga negatibong epekto nito sa kalusugan.



Regular ding sinusuri ng Pyx Health ang kalungkutan, depresyon, pagkabalisa, at mga pangunahing pangangailangan (pabahay, pagkain, pangangalaga sa bata, transportasyon, atbp.), at nag-aalok ng real-time na tulong upang matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Madali lang ang pag-sign up. Available ang app sa App Store at Google Play store, o sa web sa pyxhealth.com/store-download. Makatatanggap ng mga serbisyo ang mga taong walang smartphone sa 1-855-499-4777.

I-scan ang QR code sa iyong telepono
<https://hipyx.com/account/signup>





Sumali at ibahagi ang iyong opinyon

Interesado ka bang magbigay ng feedback sa amin para sa pagpapabuti ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan? Tumawag sa **1-855-772-9076 (TTY: 711)** para sumali sa aming Member Advisory Committee (MAC) at Public Policy Committee (PPC). Kapag sumali ka, maaari kang:

- Tumulong sa paghubog ng mga bagong programa.
- Magbahagi ng iyong mga saloobin tungkol sa mga kasalukuyang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Aetna Better Health of California.
- Kumonekta sa iba pang miyembro ng Aetna Better Health na nakatira sa iyong komunidad.
- Alamin ang tungkol sa mga mapagkukunan at serbisyong magagamit mo at ng iyong pamilya.

Manifest MedEx

Kung mayroon kang mga medikal na benepisyo, awtomatiko kang naka-enroll sa Manifest MedEx. Nagbibigay-daan ito sa mga provider na tingnan at ibahagi ang iyong mga medikal na rekord upang mabigyan ka ng pinakamahusay na pangangalaga. Kung ayaw mong magkaroon sila ng akses, maaari kang mag-opt out sa www.manifestmedex.org/opt-out.

